

Ang bakuna sa COVID-19 na Pfizer-BioNTech: Ano ang katotohanan




Ang Pfizer at BioNTech ay nagtulungan sa paggawa ng bakuna para gamitin sa **PAGLABAN KONTRA COVID-19**. Ang bakuna ay simulang gagamitin sa U.S. at Europe at saka ipakalat para sa pandaigdigang panustos.

Anong Uri ng Bakuna Ito?



- Ang bakuna na ito sa COVID-19 ay isang bakuna na mRNA. Ito ay isang **BAGONG** bakuna na ginawa para lumaban sa ganitong uri ng virus.
- Ang pananaliksik sa bakuna na mRNA ay ginagawa na nang ilang dekada.
- Tinuturuan ng bakuna ang selyula ng iyong katawan na gumawa ng hindi masamang spike protein na nagsisimula sa **PAGTUGON NG IMMUNE**.
- Ang pagtugon na ito ay **GUMAGAWA NG ANTIBODIES** na poprotekta sa iyo kapag nalantad ka sa virus na sanhi ng COVID-19.

Paano Ibinibigay ang Bakuna?



- Ang bakuna ay ibinibigay ng isang **PROPESYONAL SA PANGKALUSUGAN** sa itaas ng braso.
- Ang karayom na ginamit para sa bakuna na ito ay kaparehong kapareho sa ibang bakuna na natanggap mo dati.
- Ang bakuna ay ibinibigay ng **2 DOSIS, 3 LINGGONG PAGITAN**, at ito ay 95% na mabisa pagkatapos ng 2 dosis.
- Ang bakuna sa COVID-19 na Pfizer-BioNTech ay pinapahintulutang gamitin para sa mga taong 16 taon at pataas.



Pangkalusugang Katotohanan

- Hindi ka makakakuha ng **COVID-19** mula sa bakuna.
- Ang bakuna na mRNA ay hindi makakaapekto o makikipag-ugnayan sa iyong **DNA**.



IBA PANG MGA EPEKTO: Ang pinakakaraniwang ibang epekto na naiulat sa bakunang ito ay reaksyon sa bahaging tinurokan, pagkapagod, pananakit ng ulo, pananakit ng kalamnan/kasu-kasuan, panlalamig, at lagnat.

